ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 9| September 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# TINIG NG MGA WALANG BOSES: SIPAT-SURI SA MGA ISYUNG PANLIPUNANG MASASALAMIN SA PILING MAIKLING KUWENTO NI EFREN R. ABUEG

**Jovan D. Mesias[1], Garry A. Portillo, PhD[2]**
*Leyte Normal University*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra23916
**DOI No: 10.36713/epra23916**

## ABSTRACT

*It is difficult to be poor. The cry for help cannot be heard in difficult situation in which it continues to haunt the decision of the poor to challenge the crooked system. In the blanket of social issues, it is undeniable that it brings great hardship to ordinary Filipinos. These social issues are not only obvious in the society, but can also be seen in various literary works. Thus, a literary analysis was conducted on one of Efren R. Abueg's short stories entitled "Ang Mabangis na Lungsod." Using qualitative content analysis, this paper aimed at determining the social issues reflected in the literary work. In addition, various elements of the work such as theme, character, conflict, and symbolism were also analyzed to fully grasp the content of the piece that reflects the social issues emphasized by the author using these elements. The results of the analyses showed that the social issues prevalent in Philippine society that are reflected in the work are violence, discrimination, poverty and hunger, parental neglect, and lies. Meanwhile, the analyzed elements of the work show the various results of these social issues, especially to the poor. From this, it can truly be said that literary works possesses blatant truths about society. Therefore, it is recommended that there should be more analyses of other literary pieces to further reveal the social issues that greatly affect Philippine society written by writers so that the people and the government can be awakened to the real problem.*

**KEYWORDS:** *Without Voice, Social Issues, Literary Analysis, Mabangis Na Lungsod, Philippine Society*

## ABSTRAK

Mahirap maging isang mahirap. Hindi marinig-rinig ang daing ng paghingi ng saklolo sa kinasadlakang sitwasyong patuloy na naglulundo ng desisyong mapanghamon. Sa baluti ng mga isyung panlipunan, hindi maikakailang matinding hirap ang dala nito sa mga ordinaryong Pilipino. Ang mga ito ay hindi lamang lantad sa lipunan, kundi mahihiwatigan din sa mga akdang pampanitikan. Kaya, isang pagsusuri ang isinagawa ng mga manunuri sa isa sa mga maikling kuwento ni Efren R. Abueg na pinamagatang "Ang Mabangis na Lungsod." Gamit ang kwalitatibong *content analysis* na pamaraan ay nilayon ng pagsusuri na alamin ang mga isyung panlipunang masasalamin sa akda. Sinuri din ang iba't ibang elemento ng akda tulad ng tema, tauhan, tunggalian at simbolismo upang masuri nang ganap ang akda na nagpapakita sa mga isyung panlipunang binigyang-diin ng may-akda gamit ang mga elementong ito. Resulta ng pagsusuri ay nagpapakita na ang mga isyung panlipunang talamak sa lipunang Pilipino na mababanaag sa akda ay karahasan, diskriminasyon, kahirapan at gutom, kapabayaan ng magulang at kasinungalingan. Samantala, ang sinuring elemento ng akda ay nagpapakita sa iba't ibang resulta ng mga ito lalo na sa mga mahihirap. Mula rito, tunay na masasabing ang mga akdang pampanitikan ay nagtataglay ng mga katotohanang hubad sa lipunan. Kaya, inirerekomenda na magkaroon pa ng mas maraming mga pagsusuri sa iba pang mga akda upang mas lalong maihayag ang mga isyung panlipunang labis na nakaaapekto sa lipunang Pilipino na naisatitik ng mga manunulat nang sa ganoon ay maimulat ang mga tao at gobyerno sa tunay na problema.

**Mga susing salita:** walang boses, isyung panlipunan, pagsusuri, mabangis na lungsod, lipunang Pilipino

## 1. INTRODUKSYON

Ang mababa at mahirap na kalidad ng buhay ay maiuugat sa iba't ibang mga isyung panlipunan. Ang isyung panLipunan ay iba't ibang sitwasyong nakaaapekto sa personal man o sa sosyal na pamumuhay ng isang tao. Ito rin ay nakaaapekto sa mas malawak na saklaw ng komunidad (Stewart & Kelly, 2025).

Si John Stewart Mill, isang Britanong pilosopo ang lumikha sa salitang isyung panlipunan na tumutukoy sa maraming mga hamon at problema sa lipunan sa malawak na pananaw. Ang iba't ibang isyung panlipunan ay binigyang-pakahulugan bilang isang tangkang masolusyunan ang mga problemang ito at maabot ang isang maayos na lipunan (Kulik, 2025).

Subalit, sa paglipas pa ng maraming taon, ang isyung panlipunan ay patuloy na lumalala. Sa katunayan, isa sa mga pinakamalaking hamon na nakaaapekto sa kasalukuyang panahon ay hindi pagkakapantay-pantay at ang malaking *gap* na nagpapahiwalay sa mayaman at mahirap. Isa itong malaking hadlang at banta sa pagkakaisa ng lipunan at ekonomikong tibay dahil sa limitadong akses ng oportunidad, hindi mataas na kwaliti ng pangangalaga sa kalusugan at edukasyon (Filipenco, 2025).

Isa pa, ang nangungunang isyung panlipunan ay ang karahasan, kahirapan at diskriminasyon. Mga sitwasyong lantad sa iba't ibang dako ng bansa lalo na rito sa Pilipinas (Yeshiva University, 2025). Tinangka na itong solusyunan subalit isang hamon ang hindi matapos-tapos na mga problema. Ayon kay

Peters (2018), ang pagtugon sa iba't ibang isyung panlipunan ay madaling sabihin, subalit mahirap gawin. Isa sa mga nagpapahirap dito ay ang pabago-bagong kalagayan, estado ng gobyerno at pagpapatupad ng solusyong pangmatagalan.

Ang Pilipinas ay hindi nakaliligtas sa iba't ibang isyung panlipunang ito. Sa katunayan, ang Pilipinas ang isa sa mga may pinakamataas na kaso at isyu ng mga paglabag sa karapatang pantao. Sa paglipas ng maraming taon, ang bansang ito ang nananatili sa mga bansang mahihirap na maraming mga isyung panlipunang kailangang tugunan – kahirapan, kawalan ng katarungan, isyu ng droga, diskriminasyon at iba pang krimeng ugat ng mas mahirap na sitwasyon (Amnesty International, 2025).

Sa kabilang banda, sa mas malawak na perspektibo, ang mga isyung panlipunan ay matutugunan kung ang bawat miyembro ng komunidad ay nagkakaisa. Ang mga pangunahing sektor ay pinalalakas at isinasama sa proseso. Isang patunay rito ayon sa pag-aaral ni Jamatia (2022), malaki ang ginagampanan ng kabataan sa pagtugon sa iba't ibang isyung panlipunan lalo pa't kung palalakasin ang kanilang kasanayang mamuno o *leadership skills*, aktibong pakikilahok o *active citizenship* at pagpapaunlad sa potensyal na kakayahan ng kabataan ay makabubuo ng mas maayos na komunidad.

Hindi lamang sa pagpapalakas ng kanilang mga kakayahan, kasanayan at kaalaman kundi imulat sa mga totoong nangyayari sa lipunan. Isang kapangyarihang nagagawa ng panitikan sapakat ito ay naging lunsaran sa pagpapahayag at pagsasatitik ng mga nais ikintal ng may-akda sa mga mambabasa.

Ayon kay Chiranjeevi (2023), simula pa man sa mahabang kasaysayan, malaki na ang ginampanan ng panitikan dahil nagawa nitong imulat ang lipunang hindi pantay at mapang-api sa panahong yaon. Nagawa rin nitong ibunyag ang tunay na kalagayan ng mga walang boses. Ang panitikan ay kadalasang ginagamit ng mga manunulat upang pukawin ang lipunan sa kawalan ng katarungan, bulok na sistemang politikal at kahirapan.

Sa pagdaragdag, ayon naman kina Wilson at Wilson (2024), ang panitikan at kritika ay may malaking ambag sa pagpapataas ng kaalamang sosyal sa pamamagitan ng pagbubulay-bulay at pagbubunyag sa iba't ibang problema sa lipunan. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga simbolismo, tauhan, tagpuan at iba pang elemento ay nagagawang maitago ang mga reyalidad na may kaugnayan sa mga totoong nangyayari sa lipunan.

Kaya naman, ang pag-aaral at pagsusuri sa panitikan ay mahalaga sapagkat makatutulong ito na unawain ang pamumuhay ng sarili, komunidad at sa lipunang ginagalawan (Gustavus Adolphus College, 2025). Isa pa, ayon kina Belvez et al. (2006), ang pag-aaral sa literatura ay masasabing pagkilala sa lahi sapagkat naihahayag nito ang iba't ibang kalagayan ng bawat miyembro ng lipunan sa pamamagitan ng paggamit ng simbolo, karakter, tagpuan at iba pang elemento na sumasalamin sa tunay na pangyayari.

Sa kabuoan, sa mga impormasyong inilahad, nagkaroon ng interes ang mga manunuri na pagtuunan ng pansin ang akda ni Efren R. Abueg partikular na ang "Ang Mabangis na Lungsod." Si Abueg ay isang nobelista, mananaysay, kritiko at kuwentista na nakatanggap ng maraming mga pagkilala tulad na lamang ng *Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature* sa taong 1959, 1960, 1963, 1964, 1967 at 1974, unang gantimpala sa Timpalak ng KADIPAN noong 1957 at marami pang iba (Monde, 2022). Siya rin ay kilala sa mga akdang may kinalaman sa pagmulat at pagbubunyag sa pamumuhay ng mga Pilipino (Chua, 2020).

Binigyang-pokus ng mga manunuri ang maikling kuwento ni Abueg na pinamagatang "Ang Mabangis na Lungsod" sapagkat nagpapakita ito ng iba't ibang mukha ng isyung panlipunan na may malaking kaugnayan sa buhay ng mga Pilipino. Isa sa mga ito ang diskriminasyon sa mga mahihirap, kawalan ng katarungan, kahirapan, sapilitang pagtatrabaho at marami pang ibang mahalaga sa lipunang Pilipino. Mahalaga ang pagsusuri nito sapagkat makatutulong ito sa mga guro at mag-aaral sa panitikan upang mas mapahalagahan at mapalawak pa ang kanilang perspektibo ukol sa gampanin ng panitikan sa paghubog ng pambansang kamalayan.

Isa pa, mahalaga rin ito sa iba pang entiti sa lipunang Pilipino dahil makatutulong ito upang mas mamulat sa mga tunay na pangyayari sa bansa na inilahad sa pamamagitan ng literatura. Dito ay maipakikita ng mga manunuri ang iba't ibang sitwasyong may kinalaman sa tunay na buhay sa pamamagitan ng pagtuon sa pagsusuri sa mga isyung panlipunang nakapaloob sa akda, mga elemento nito tulad ng tema, tauhan, tunggalian at simbolismo na makatutulong upang mas masipat nang malinaw ang maikling kuwento at kung paano ito sumasalamin sa pamumuhay ng lipunang Pilipino.

### 1.1 Layunin

Ang akdang maikling kuwento ni Efren R. Abueg na pinamagatang "Ang Mabangis na Lungsod" ay nagpapakita ng iba't ibang mga isyung panlipunang sumasalamin sa lipunang Pilipino. Sa pagsusuring ito, nagsilbing tiyak na mga layunin ang sumusunod:

1. Isyung panlipunang nakapaloob sa akdang maikling kuwento
2. Elemento sa Akda:
   2.1. Tema
   2.2. Tauhan
   2.3. Tunggalian
   2.4. Simbolismo

### 1.2 Saligang Teoretikal

Ang akda ni Efren R. Abueg ay sinuri ng mga manunuri batay sa sumusunod na mga teorya: 1) markismo, 2) realismo at 3) imahismo. Gamit ang mga teoryang ito ay nasuri ang mga isyung panlipunang masasalamin sa akda ni Abueg na may kaugnayan sa lipunang Pilipino at maging ang iba't ibang elemento nito tulad ng tema, tauhan, tunggalian at simbolismo na makatutulong upang maihayag ang mga aral na nais ikintal ng manunulat.

Ang teoryang markismo ay nagpapakita sa hindi pantay na lipunan. Ito ay naglalayong ipakita na ang tao ay may sariling kakayahang umangat sa buhay (Ramiscal, 2025). Ito ay doktrinang pinaunlad nina Karl Marx at Friedrich Engels na kung saan ayon sa libro niyang pinamagatang, *"The Communist*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 9| September 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

*Manifesto,"* ang markismo ay labanan sa pagitan ng magkaibang klase ng pamumuhay (Maquiling, 2025).

Samantala, ang teoryang realismo ay may lohikal na paraan sa praktikal na pangangatuwiran ukol sa pakikitungo ng tunay na mundo sa tao. Ayon kay Capillo (2025), layunin ng teoryang realismo na ipakita at ipinta ang karanasan ng tauhan at masaksihan ang lipunang kanyang ginagalawan. Ang mga pangyayari sa akda ay hinango sa tunay na buhay, subalit nananatiling may kasiningan ang sulatin ng may-akda. Sa pag-aaral ni Banao (2022), ang teoryang realismo ay ginamit na lente sa pagsusuri upang ihayag ang mga makatotohanang hamon sa lipunang Pilipino nang sa ganoon ay maabot ang pagtutulungan at damdaming makabayan sa makabagong panahon.

Sa kabilang banda, ang imahismo naman ay nagpapahayag ng kalinawan sa mga biswal na imaheng masasalamin sa akda. Lumaganap ang imahismo sa ika-20 siglo bilang kilusang panulaan sa Inglatera at Estados Unidos kung saan binigyang-pansin nito ang hanay ng mga salita at simbolismo (Umali, 2025). Makatutulong ito upang mas maunawaan nang ganap ang mga nakatagong simbolismo sa akda na nais ibunyag ng manunulat.

Ang mga teoryang ginamit ng mga manunuri ay naging gabay sa pagsusuri ng akdang maikling kuwento ni Abueg partikular na "Ang Mabangis na Lungsod." Binigyang-diin ng teoryang markismo ang katayuan sa lipunan at tunggalian ng mga tauhan sa akda. Sinuri naman ng teoryang realismo ang mga isyung panlipunang masasalamin sa lipunang Pilipino at tema sa akda na may kaugnayan sa reyalidad ng buhay. Samantala, gamit ang teoryang imahismo ay pinag-aralan ang iba't ibang simbolismo na naghahayag ng iba pang katotohanan sa likod ng akda.

Sa kabuoan, nilayon ng pagsusuring ito ang paghahayag at pagpapakita ng mga makatotohanang pangyayari na konektado sa mga isyung panlipunang nakapaloob sa akda at may kaugnayan naman sa lipunang Pilipino.

### 1.3 Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pagsusuring ito ay mahalaga sa sumusunod na mga entiti dahil ang panitikan ay nagsisilbi bilang lundayan at instrumento sa pagbubunyag ng iba't ibang isyung panlipunan na masasalamin sa mga akda. Una, sa mga guro sa Filipino lalo na yaong mga nagtuturo ng panitikan sapagkat maaari itong maging gabay nila sa kanilang pagtuturo. Mabibigyan din sila ng mas malalim na ideya at impormasyon ukol sa mga proseso ng pagsusuri at pagtuturo sa akda ni Efren R. Abueg. Pangalawa, sa mga mag-aaral lalo na sa kolehiyo na may meyjor na Filipino at kumukuha ng programang panitikan sapagkat maaari nila itong maging giya sa kanilang mga gawaing pagsusuri sa iba pang akda. Pangatlo, sa mga susunod na manunulat dahil maaari nila itong maging lundayan sa mga plano nilang isulat upang ibunyag ang iba pang mga isyung panlipunang hindi lamang dito sa Pilipinas, kundi pati sa iba pang bahagi ng mundo. Pang-apat, sa mga mambabatas dahil maaari din itong makatulong sa kanila upang mabigyan ng sapat na impormasyon at batayan sa mga isyung panlipunang dapat mas pagtuonan. Maaari din itong maging gabay nila sa pagbuo ng batas upang matulungan at mas mapataas ang kalidad ng pamumuhay, hustisya at pangangailangan ng bawat Pilipino.

## 2. METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibo na gumamit ng dulog na *content analysis*. Dito ay sinuri ang mga salita, tema, konsepto, kahulugan at mga pangyayari sa akda na magagamit upang ihayag ang mga makatotohanang pangyayari sa kultura at lipunang kinabibilangan (Columbia Mailman School of Public Health, 2025).

Binigyang-pokus ng mga manunuri ang akda ni Abueg partikular na ang "Ang Mabangis na Lungsod." Dito ay sinuri ang mga isyung panlipunang nakapaloob sa akda at mga elemento nito tulad na lamang ng tema, tauhan, tunggalian at simbolismo. Nagsilbing mga tiyak na hakbang sa pagsusuri ang sumusunod:

**Unang Hakbang. Isyung Panlipunan.** Binigyang-diin sa pagsusuri ng bahaging ito ang mga isyung panlipunang masasalamin sa akda. Gamit ang teoryang realismo ay sinuri ang mga pangyayari sa akda na may kaugnayan sa mga totoong pangyayari sa lipunang Pilipino. Ginamit ang sumusunod na talahanayan para sa pagsusuri ng isyung panlipunang masasalamin sa akda.

**Talahanayan 1. Mga Isyung Panlipunan**

| Mga Isyung Panlipunan | Kaugnayan sa Lipunang Pilipino |
|---|---|
| | |

**Ikalawang Hakbang. Mga Elemento sa Akda.** Sa bahaging ito, binigyang-pokus naman ng mga manunuri ang pagsusuri sa mga elemento tulad ng tema, tauhan, tunggalian at simbolismo na mababasa sa akda. Gamit ang teoryang realismo ay malalimang sinuri ng mga manunuri ang mga tema sa akda na may kaugnayan sa mga totoong pangyayari sa lipunan at reyalidad ng buhay. Ginamit ang sumusunod na talahanayan para sa bahaging ito.

**Talahanayan 2.1 Mga Tema sa Akda**

| Mga Tema | Tunay/ Reyalidad na mga Pangyayari |
|---|---|
| | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 9| September 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Para naman sa tauhan at tunggalian sa akda ay ginamit ang teoryang markismo upang maunawaan ang bawat tauhan at tunggalian nang sa ganoon ay maihayag ang iba't ibang tagong katotohanang nais ikintal ng manunulat. Ginamit ang sumusunod na talahanayan sa pagsusuri para sa tauhan at tunggalian sa akda.

**Talahanayan 2.2 Mga Tauhan sa Akda**

| Mga Tauhan | Katayuan/Antas sa Lipunan |
|---|---|
| | |

**Talahanayan 2.3 Mga Tunggalian sa Akda**

| Mga Tunggalian | Kaugnayan sa Totoong Buhay |
|---|---|
| | |

Ginamit naman ng mga manunuri ang teoryang imahismo upang suriin ang iba't ibang simbolismo sa akda upang mas maunawaan ang iba pang nais ibunyag ng may-akda gamit ang mga simbolismo o di-lantarang mga kagamitan at salita. Ginamit ang sumusunod na talahanayan sa pagsusuri.

**Talahanayan 2.4 Mga Simbolismo sa Akda**

| Mga Simbolismo | Kahulugan |
|---|---|
| | |

## 3. RESULTA NG PAGSUSURI

Sa bahaging ito ay makikita ang resulta sa isinagawang pagsusuri ng akdang "Ang Mabangis na Lungsod" ni Efren R. Abueg gamit ang tatlong (3) teorya partikular na ang teoryang markismo, realismo at imahismo. Gamit ang mga teoryang pampanitikang ito bilang lente ay malalimang sinuri ng mga manunuri ang akda batay sa mga layunin ng pagsusuri.

**Pagsusuri sa mga Isyung Panlipunan**

Sa pagsusuri ng mga isyung panlipunang nakapaloob sa akda ay ginamit ng mga manunuri ang teoryang realismo upang maunawaan ang mga ito. Hindi na bago ang mga isyung panlipunan sa Pilipinas sapagkat sa paglipas ng bawat panahon, lalo lamang itong lumalala. Mayroon mang ginagawang aksiyon ang gobyerno, subalit hindi pa rin ito sapat para tuluyang solusyunan at wakasan ang mga ito.

Ayon sa Human Rights Watch (2025), ang kalagayan ng pagsulong ng karapatang pantao sa Pilipinas ay umunlad man nang kaunti sa administrasyong Marcos, subalit hindi pa rin ito makapagsasabing epektibo lalo pa't sa aspekto ng karahasan, *red-tagging*, panunupil sa mga mamamahayag at pagpatay ay nananatili pa ring talamak at patuloy na tumataas ang bilang. Laganap pa rin ang mga paglabag na ito sa buong bansa.

**Talahanayan 1. Mga Isyung Panlipunan**

| Mga Isyung Panlipunan | Kaugnayan sa Lipunang Pilipino |
|---|---|
| **1. Karahasan** | Problemang hayag sa pamumuhay ng mga Pilipino na ang ugat ay suliranin sa kawalang-katarungan sa mga mahihina at kabataan. |
| **2. Diskriminasyon** | Hindi pantay-pantay na pagtingin sa sosyo-ekonomikong antas ng mga tao lalo na sa mga mahihirap. |
| **3. Kahirapan at Gutom** | Laganap na problema sa lipunang Pilipino kung saan patuloy na tumataas ang bilang at kaso sa bansa lalo na sa mga kabilang sa mga mahihirap. |
| **4. Kapabayaan ng Magulang** | Talamak na problema sa lipunang Pilipino na dahilan sa maagang pagtatrabaho ng kabataan upang tustusan ang pangunahing pangangailangan. |
| **5. Kasinungalingan** | Isyung patuloy na sumusubok sa moralidad at pamumuhay ng mga Pilipino lalo ng mga kumakapit sa patalim na ugat ng panlalamang sa iba. |

**Karahasan.** Problema sa Pilipinas na sakop ang iba't ibang uri ng karahasan kung saan patuloy itong sumusubok sa gobyerno upang tugunan ang ganitong isyu. Subalit, isa sa mga karahasang laganap sa bansa ay ang karahasan sa kabataan lalo

na sa mga kabilang sa mahihirap na pamilya at mahihina. Pinatutunayan ng mga pag-aaral sa Pilipinas na may mataas na kaso ng karahasan ang nararanasan ng kabataan. Sa pinakaunang isinagawang pag-aaral ng UNICEF-Philippines sa bansa ukol sa karahasan sa kabataan, mula sa 4,000 na mga kalahok, lumabas sa sarbey na halos lahat sa kanila ay mga biktima ng iba't ibang karahasan (Council for the Welfare of Children, 2016).

Mababasa sa kasunod na bahagi ang linyang tungkol sa karahasan sa pangunahing tauhang si Adong at kung ano ang naging epekto nito sa kanya.

*"... ang kamay ni Bruno ay parang bakal na nakahawak na sa kanyang bisig, niluluray ang munting lakas…"*

*"... naramdaman na lamang niya ang malupit na palad ni Bruno, natulig siya at nahilo…"*

Mahihinuha sa mga linyang ito mula sa akda na nagpapakita ng karahasan sa pangunahing tauhan, pananamantala sa mahina at kawalan ng respeto sa iba. Sa kaawa-awang kalagayan ay naging isang malagim na sitwasyon para sa bata.

Hindi maikakaila na sa kasalukuyang panahon, ang ganitong sitwasyon ay isa ring problemang patuloy na lumalaganap sa iba't ibang dako ng bansa kung saan, karamihan sa kabataan ay nasasangkot sa karahasan at kabataan din ang biktima ng lipunang mapang-api.

Sa katunayan, ayon sa isang artikulo, nangyayari ang karahasang ito hindi lamang sa Metro Manila, kung hindi marami rin ang kaso nito sa probinsiya. Ang mas malala pa ay ang mga edad na kabilang sa ganitong insidente ay 13, 14 at 15. Nakalulungkot din dito ay nasa loob mismo ng paaralan at ang mga sangkot ay mga mag-aaral. Kalimitang mga isyu ay away na nauuwi sa pagpatay. Isang halimbawa nito ang pananaksak sa dalawang (2) mag-aaral ng kapwa nila mag-aaral sa paaralan ng Captain Albert Aguilar High School sa Brgy. CAA, Las Piñas, City (PhilStar, 2025).

Sa pagdaragdag, ibinahagi rin sa kuwento ang naging epekto ng karahasan sa tauhan. Ito ay nagbunsod sa kanya upang siya ay matulig at mahilo. Ang mas nakapanlulumong epekto sa biktima ay ang pagkamatay na dahilan nito ay ang karahasan.

**Diskriminasyon.** Isa sa mga laganap na isyu sa Pilipinas na hindi lamang tumatalakay sa antas ng pinag-aralan, kung hindi ay mas nakasentro sa sosyo-ekonomikong aspekto. Dahil sa hitsura, katayuan sa lipunan at pananamit, ito ang isa sa mga dahilan at tampukan ng diskriminasyon. Ayon sa American Psychological Association (2024), ang diskriminasyon ay hindi pantay na pagtrato sa isang tao o grupo batay sa kanyang katangian tulad ng lahi, kasarian, edad, antas sa lipunan o oryentasyon.

Mababasa sa kasunod na mga linya ng pangungusap ang diskriminasyon kung saan ito ay lantad na lantad. Direktang ipinahayag dito ang pangyayari sa kuwento.

*"kung may pumapansin man sa panawagan ni Adong, ang makikita niya ay irap, pandidiri, pagkasuklam."*

*"... ang hakbang ay napapahalaga ng pagmamadali ng pag-iwas."*

*"... hindi inilagay kundi inilaglag sapagkat ang mga palad na nagbibigay ay nandidiring mapadikit sa marurusing na palad na wari bang mga kamay lamang na maninipis ang malinis."*

Mula sa mga linyang ito na halaw sa kuwento, hayagang makikita ang diskriminasyon sa pangunahing tauhan na si Adong. Mapag-aalaman din ang kilos na nagpapakita ng diskriminasyon dahil sa kanyang hitsura at katayuan sa lipunan. Mababanaag din sa linya ng pangungusap sa bahaging, *"... nandidiring mapadikit sa marurusing na palad na wari bang mga kamay lamang na maninipis ang malinis"* na tiningnan ang katayuan sa lipunan ng bata lalo na ang kanyang pisikal na kaanyuan.

Ang ganitong sitwasyon ay hindi maitatago sa pamumuhay ng mga Pilipino sapagkat makikita ito sa alinmang sulok ng bansa. Ayon kay Palacio (2013), *stigma* ang pangunahing dahilan ng diskriminasyon lalo na sa mga taong kabilang sa mababang antas ng pamumuhay.

Ang diskriminasyong ito ay hindi lamang laganap sa Pilipinas kung hindi ay pangunahing problema rin ito sa buong mundo. Sa katunayan, ang diskriminasyon ay palasak din sa Africa at Asya, kung saan ang pangunahing dahilan ay maiuugat sa antas sa lipunan na nagbubunga naman ng pag-iwas, pagsasawalang-bahala sa sosyal na aspekto, pagkakait ng karapatan sa trabaho at maging sa pangkalahatang proseso ng sosyo-politikal na pamumuhay (Amnesty Philippines, 2025).

**Kahirapan at Gutom.** Perpektong kalagayan sa lipunang Pilipino bilang isa sa mga bansang papaunlad pa lamang at kabilang sa isa sa mga bansang mahihirap. Ayon sa sarbey ng *Social Weather Station* (SWS) noong Setyembre 2024, ang bansang Pilipinas ay may maaas na insidente ng gutom na may kabuoang 22.9 porsiyento sa lahat ng kabayahan sa Pilipinas na nakararanas ng gutom sa ikatlong kwarter ng taon. Ito ang itinuturing na pangalawang pinakamataas na naitalang datos ng grupo ukol sa kagutuman sa pambansang perspektibo sa kasaysayan ng tala ng SWS (Philippine Daily Inquirer, 2024).

Mababanaag sa akda ang talamak na kahirapan at gutom lalo na sa pangunahing tauhang kabilang sa mga nasa laylayan.

*"babalang ipinararamdam ng pangangalam ng kanyang sikmura…"*

*"palimos na po, ale… hindi pa po ako nananghalian!"*

Nakalulungkot na sitwasyon para sa isang batang biktima ng sistemang marahas at hindi maayos na pamamahala. Sa mga linyang ito ay ipinakikilala ang matinding kahirapan at gutom na naranasan ng tauhan sa kuwento. Ito ay isang sitwasyong makikita sa tunay na buhay kung saan isa itong isyung patuloy na nagbubunsod ng iba't ibang krimen at karahasan.

Ang gutom ay produkto ng kahirapan kung saan ito ay malaking problema sa bansa na hanggang ngayon ay hindi pa rin nasosolusyunan. Sa pinakabagong ulat, ang *rate* ng kahirapan sa bansang Pilipinas ay umabot sa 19.8 porsiyento sa taong 2020. Maliit lamang tingnan ang numerong ito, subalit

nagpapakita pa rin ito ng milyong bilang ng mamamayang Pilipinong namumuhay sa hirap. Dahil dito, nag-uugat naman ito ng walang kakayahang tugunan ang pangunahing pangangailangan at nagbubunsod ng malawakang gutom (Bonajos, 2025).

Sa kabilang banda, ang kahirapan ay salitang tumutukoy sa mga tao o pamilyang hindi kayang matustusan ang pangunahing pangangailan tulad na lamang ng pagkain o tirahan at may kita na mas mababa pa sa *poverty threshold* na binigyang-pakahulugan ng *National Economic and Development Authority* o NEDA (Bahit, 2023).

**Kapabayaan ng Magulang.** Hindi maikakailang maraming kabataan ang naghihirap, dumaraan sa iba't ibang maagang pagtatrabaho at karahasan dahil sa kapabayaan ng mga magulang. Mga batang walang kamuwang-muwang na biktima lamang ng kawalan ng responsibilidad.

Ayon sa pag-aaral nina Brown et al. (2023), humigit-kumulang 1 sa 4 na bata ang nakararanas ng pang-aabuso at kapabayaan sa kanilang buhay. Isa pa, ang numero ay nagpapakita ring mayroong 78 porsiyento ang mga batang pinababayaan lamang ng mga magulang na dahilan naman sa mataas na bilang ng pagkamatay ng kabataan.

Sa sumusunod na linya ng pangungusap na bahagi sa kuwento, mababasa ang sinabi ni Aling Ebeng sa pangunahing tauhang si Adong.

*"pinaghahanapbuhay 'yan ng mga magulang para may maisugal."*

Mahihinuha mula sa pahayag na ito ang kalagayang naranasan ng bata, ang pagtatrabaho upang may maipangtustos sa kanyang pangangailangan. Kahit na ito ay isang untag lamang sa kanya ni Aling Ebeng, nagpapakita pa rin ito ng kapabayaan ng mga magulang sa kanilang anak. Ang bata ay naghahanap ng paraan upang may makain at matustusan ang kanyang pangunahing pangangailangan. Isang uri ng pagtatrabaho na makikita sa lansangan o kalye.

Sa Pilipinas, anumang kapabayaan ng magulang sa anak ay maituturing na isang krimen. Ang mga magulang ay may malaking tungkulin sa pangangailangan at pangangalaga sa kanilang anak (Respicio Law, 2025). Subalit, nakalulungkot na katotohanang marami pa rin sa kabataan ang nagtatrabaho sa murang edad upang kahit papaano ay maitaguyod ang hirap.

Sa sarbey noong 2011 na isinagawa ng *Philippine Statistics Authority* (PSA) sa kabataang nagtatrabaho, mayroong 2.1 milyon ang kabilang sa mga batang nagtatrabaho na may edad 5 hanggang 17. Ang pagtatrabaho ng kabataan ay kalimitang dahil sa kapabayaan ng mga magulang. Isa sa mga trabahong ginagawa ng mga bata ay sa sakahan, pagmimina, pamamalimos sa kalsada o maging sa pagtatrabaho sa pribadong kabahayan (International Labour Organization, 2025).

**Kasinungalingan.** Isa rin ito sa mga isyung panlipunang talamak sa lipunang Pilipino dahil sa iba't ibang rason. Hindi maipagkakailang dahil sa layuning makapanlamang ng kapuwa ay kalimitan itong ginagawa ng karamihan. Sa katunayan, ito ang ugat ng mga masasamang balakin.

Sa kuwento ay mayroon mababasang bahagi kung saan isa sa mga tauhan doon na si Aling Ebeng ay nagsabi kay Adong ng pahayag na hindi naman totoo kung saan mapag-aalaman dito na para kaunting tao ang magbigay sa bata, ginawa niya iyon.

*"pinaghahanapbuhay 'yan ng mga magulang para may maisugal" ... nasasaktan siya sapagkat ang bahagi ng pangungusap na iyon ay untag sa kaniya ni Aling Ebeng…"*

Masasabi na sa pangyayaring ito sa kuwento ay sumasalamin sa mga totoong pangyayari sa lipunan kung saan, dahil sa mga pagsisinungaling ay nakasasakit ito ng damdamin ng ibang tao. Sa mas malala pang sitwasyon ay ito ang dahilan ng hindi pagkakaintindihan. Makikita rin sa karakter ng bata na imbes na ipahalata niya ang kanyang emosyon kay Aling Ebeng at sa ibang tao ay sinasarili niya ito. Kalimitang mga ginagawa upang hindi ipakita ang sinasabing kahinaan ng sarili.

Sa ginawang ito ni Aling Ebeng ay may layunin siyang manlinlang ng mga nagpapalimos lalo na ang mga nagsisipagbigay kay Adong. Sa katotohanan ng buhay, kapag nakarinig ang isang nagpapalimos sa mga katagang ito ay nagbabago ang pag-iisip at hindi na nagbibigay. Isang kaawa-awang sitwasyon para kay Adong lalo pa't hindi ito totoo.

Ang pagsisinungaling ay pagbibitiw ng mga maling impormasyon sa isang tao tulad ng pagbali sa katotohanan, pagdagdag o pagbawas ng mahahalagang impormasyon o ang pagmamalabis ng sitwasyon upang mabago ang pagtingin ng ibang tao at makapanlamang sa iba (Jehovah's Witnesses, 2025).

**Pagsusuri sa mga Elemento ng Akda**

Ang pagsusuri sa mga elemento ng akda ay mahalaga rin upang mas maunawaan nang ganap ang isang kuwento. Ayon kina del Campo at Vigil (2023), mahalaga ang pagsusuri ng mga elemento ng akda sapagkat ito ang mga piraso ng mahahalagang bumubuo sa panitikan. Mula sa mga mahahalagang elemento ay makatutulong ito upang maunawaan ang iba pang nais ihayag ng may-akda mula sa pagkakasulat hanggang sa mga tagong impormasyong nais ikintal sa mambabasa.

**Pagsusuri sa Tema ng Akda**

Mula rito, pinakaunang sinuri ng mga manunuri ang tema sa akdang "Ang Mabangis na Lungsod." Sa akdang ito ay maraming mga tema ang mahihinuha pagkatapos na ito ay mabasa. Gamit ang teoryang realismo ay nasuri ng mga manunuri ang temang masasalamin sa akda. Makikita sa sumusunod na talahanayan ang resulta ng pagsusuri sa mga temang nakapaloob sa kuwento.

**Talahanayan 2.1 Tema ng Akda**

| Tema | Tunay/Reyalidad ng mga Pangyayari |
|---|---|
| **1. Ugat ng gutom ang kahirapan** | Dati pa man ay laganap na ang problemang ito sa bansa at patuloy lamang itong lumalala at pataas nang pataas ang bilang ng mga nagugutom dahil sa kahirapan. |
| **2. Kahirapan ang isa sa mga rason ng diskriminasyon** | Kapansin-pansin sa kalagayan ng mga Pilipino ang diskriminasyon lalo na sa antas ng lipunan, hitsura, pananamit at iba pang aspekto sa pamumuhay ng tao. |
| **3. Karahasan sa mahihina lalo na sa mga bata** | Isa sa mga matagal ng problema sa Pilipinas na patuloy na tumataas ang bilang at nagreresulta ng malalang kondisyon sa mga biktikma tulad ng takot at pagkamatay. |

**Ugat ng Gutom ang Kahirapan.** Hindi maiwawala ang katotohanang dahil sa kahirapan, ito ang nagiging dahilan ng malawakang gutom. Sa katunayan, ayon sa The Hunger Project (2025), ang kagutuman ang pinakamalalang katibayan ng kahirapan. Milyong tao sa mundo ang nagugutom at nakararanas ng malnutrisyon dahil sa hindi kayang matustusan ang pangunahing pangangailangan. Samakatuwid, masasabing ang kahirapan ang sanhi ng kagutuman.

Sa inilabas na datos ukol sa kalagayan ng gutom na nararanasan ng kabataan ay umabot sa 50 porsiyento. Katumbas ito ng 181 milyong bata sa buong mundo na may edad 5 pababa ang nakararanas ng gutom na ito. Sa Pilipinas, malubha rin ang kinahaharap na problema sa usaping gutom sa kabataan sapagkat nakapagtala ang bansa ng 65 porsiyento na kabuoang bilang ng batang namumuhay at nakararanas ng matinding gutom dahil sa kahirapan (UNICEF Philippines, 2024).

Mula sa kuwento, malinaw na makikita ang tema ukol sa gutom dahil sa kahirapan. Masusuri na sa kalagayan ng pangunahing tauhan na si Adong na siya ay namamalimos lamang sa may simbahan ng Quiapo.

Sa sitwasyong ito, hindi matatanggihang hindi sapat ang perang kanyang nakukuha sa pamamalimos upang tustusan ang kanyang pangangailangan sa pagkain lalo pa't kalimitan itong kinukuha sa kanya ng mapanamantalang si Bruno. Sa malala pang sitwasyon, hindi man lamang napakikinabangan ni Adong ang kanyang napanglimosan.

Sa pagdaragdag, malinaw ring binanggit sa kuwento ang gutom na naranasan ng pangunahing tauhan. Subalit, kung susuriin pa ang ibang bahagi ng akda, mababasa rin na kahit ang mga nagpapalimos ay nakararanas din ng hirap. Mababasa sa linyang, *"ang mga tao'y naghihikahos na rin. Ang panahon ay patuloy na ibinuburol ng karukhaan …"*

Mula sa linyang ito, mababanaag na hindi lamang si Adong o iba pang tauhan sa akda ang nakararanas ng hirap, kundi sa kabuoang taong nakapaligid sa kanila. Tunay ngang masasalamin ng pangyayari sa kuwento ang kalagayan sa lipunang Pilipino sapagkat sa katotohanan ng buhay, hindi naman lahat ng mga nasa simbahan o mga nagpapalimos ay nakaaangat sa buhay. Minsan pa, kung sino ang walang-wala ay yaon pang may pusong magbigay sa kapuwa nangangailangan kaysa sa mga may kakayahang magbigay at sila ay nagkikibit-balikat lamang.

**Kahirapan ang Isa sa mga Rason ng Diskriminasyon.** Ang kahirapan ay hindi lamang tungkol sa kita sapagkat sumasakop din ito sa iba pang aspekto sa pamumuhay ng tao. Sa makabagong pananaliksik sa internasyonal na lebel na isinagawa ng *All Together in Dignity (ATD) Fourth World* at ng Unibersidad ng Oxford, ang diskriminasyon ay bahagi na ng pang-araw-araw na karanasan ng mga taong kabilang sa mahirap na antas sa lipunan. Sa katunayan, dahil sa kahirapan ng isang tao, nagkakaroon ng hindi pantay na pagtrato o *discrimination*, paglalahat o *stereotyping*, *stigma* at masamang pala-palagay sa tao o *prejudice* (All Together in Dignity Fourth World, 2022).

Sa pagdaragdag, maraming mga mananaliksik ang tinukoy ang diskriminasyon bilang direktang ugnay sa kahirapan (The Borgen Project, 2025). Ang kalagayang ito na ang kahirapan ay nagbubunsod ng diskriminasyon ay hayagang makikita sa akda at mahihinuha ang tema nito sa kuwento. Madaling masuri ang problemang ito na kakikitaan lalo na sa maraming bahagi ng kuwento.
Isa sa mga linya ng pangungusap sa akda ay ang, *"kung may pumapansin man sa panawagan ni Adong, ang makikita niya ay irap, pandidiri, pagkasuklam"* at *"… hindi inilagay kundi inilaglag sapagkat ang mga palad na nagbibigay ay nandidiring mapadikit sa marurusing na palad na wari bang mga kamay lamang na maninipis ang malinis.*

Masusuri sa mga linyang ito ang tahasang naranasan ng pangunahing tauhan lalo na ang diskriminasyon dahil sa kanyang hitsura, pananamit at katayuan sa buhay. Sa reyalidad ng buhay, ito ay hindi mapasusubalihang totoo sapagkat kalimitang reaksyon ng iba sa mga taong marumi tingnan, marusing ang palad, gusgusin at laman ng lansangan ay pag-iwas, pandidiri at takot sa maaaring gawin sa kanila. Sa pinakamalalang sitwasyon ay iniisip na kriminal, marahas, magnanakaw at iba pang negatibong pag-iisip sa kanila.

**Karahasan sa Mahihina lalo na sa mga Bata**. Ang problemang ito ay patuloy na lumalala sa paglipas ng maraming taon. Sa kasalukuyan, maraming kabataan sa Pilipinas ang humaharap sa panganib na dala ng karahasan, pang-aabuso at kapabayaan kung saan isa ang Pilipinas sa may pinakamataas na kaso ng isyung ito.

Ayon sa mga eksperto, ang numero na naiuulat na karahasan ay mas mataas pa diumano kung iisa-isahin ang kabataan sapagkat maraming bata ang hindi nagsasalita ukol sa naranasang insidente dahil sa takot, pagkahiya at kawalan ng tiwalang matulungan dahil sa kinamulatang karahasan (Noorani, 2016).

Ayon naman kay Lu (2024), sa Pilipinas, ang pisikal na karahasan laban sa kabataan ay maaaring magmula sa miyembro ng pamilya at maging sa komunidad. Maraming kaso sa bansa ng karahasan na nagreresulta sa pagkamatay ng kabataan na ang pinakaugat ay dahil sa kalupitan ng komunidad.

Makikita sa kuwento ang ganitong sitwasyon ng karahasan kung saan mababasa ang bahaging pinagbubugbog ni Bruno ang kaawa-awang batang si Adong. Mababasa rin ang linya sa bahagi ng kuwento ang, "*ang kamay ni Bruno ay parang bakal na nakahawak na sa kanyang bisig, niluluray ang munting lakas…*" at *"naramdaman na lamang niya ang malupit na palad ni Bruno, natulig siya at nahilo…"*

Mula sa mga bahaging ito ng kuwento ay masasabi na ang malagim na sinapit ng bata ay dahil sa kalupitan ni Bruno. Isang sitwasyong mapanonood sa mga balita sa telebisyon o mapakikinggan sa radyo kung saan mga bata ang sangkot at ang biktima mismo ay kapuwa bata na walang awang pinagtulungang bugbugin o pinahirapan.
Isa pa, mababasa rin sa kuwento na dahil sa takot ay hindi na lumaban o nagsalita ang biktima. Nais mang tumakas subalit tinalo ng lakas. *"At ang mga kamay ni Adong ay manginginig pa habang inilaladay niya sa masakim na palad ni Bruno ang salapi, …"* Masusuri dito na dahil sa kawalan ng lakas na lumaban at takot sa mapang-api ay ginagawa na lamang ang nais kahit na ito ay labag sa kanyang kalooban. Isang nakalulungkot na katotohanan sa lipunang Pilipino na dahil sa takot, kawalan ng kapangyarihang lumaban at kaapihan ay nagagawa ng karamihan ang mga bagay na hindi nila nais gawin.

**Pagsusuri sa mga Tauhan sa Akda**
Sunod naman na sinuri ng mga manunuri ang mga tauhan sa kuwento upang ibunyag at ilarawan ang iba pang nais ikintal ng may-akda batay sa kanilang antas sa lipunan na maiuugnay naman sa reyalidad ng buhay. Dito ay ginamit ng mga manunuri ang teoryang markismo upang suriin ang mga tauhan sa akda. Makikita sa kasunod na talahanayan ang kinalabasan ng pagsusuri sa mga tauhan.

**Talahanayan 2.2 Mga Tauhan sa Akda**

| Mga Tauhan | Katayuan/Antas sa Lipunan |
|---|---|
| **1.** Adong | Ipinakikilala niya ang mga taong kabilang sa hanay ng mga mahihirap na indibidwal na hindi kayang tustusan ang pangunahing pangangailangan, subalit naghahanap ng paraan upang makaahon sa hirap. |
| 2. Aling Bebang | Inilalarawan naman niya ang mga taong kabilang din sa hanay ng mga mahihirap, ngunit nakabantay sa kilos ng iba at itinuturing na tsismosa sa lipunang Pilipino. |
| **3.** Bruno | Ipinakikilala at inilalarawan niya ang karakter ng mga taong nasa mataas na posisyon o antas, may kapangyarihan at ginagamit ito upang manamantala sa ibang tao lalo na sa mga mahihina at mahihirap. |
| 4. Mga Nagpapalimos | Ipinakikita naman ng karakter na ito ang iba-ibang antas sa lipunan ng mga taong nagpapalimos kung saan mayroon sa kanila na nakatataas o may kaya at mayroon din namang nasa mababang antas ng pamumuhay. |

**Adong.** Sa malalimang pagsusuri sa tauhan niya ay hindi lamang ito nagpapakilala sa taong kabilang sa hanay ng mga mahihirap, kundi ipinakikita rin sa kanyang karakter ang katangian ng mga inaapi, pilit na pinagtatrabaho, nawalan ng boses, biktima ng pananamantala at perpektong larawan ng katangian ng mga nasa laylayan. Mayroon mang pagnanais o pagtatangkang tumakas at makaalpas sa kinasasadlakan, ngunit nababaon pa rin dahil sa mapagsamantalang lipunan.

Ang pangyayaring ito sa kuwento ay tunay na maihahambing at maiuugnay sa kasalukuyang problema na palala nang palala lamang. Ito ang tinatawag nilang *modern slavery* o makabagong uri ng pang-aalipin kung saan karamihan sa mga biktima nito ay mahihirap. Ito ang mga mahihirap na pilit na pinagtatrabaho o *human trafficking*, paggamit ng kabataan sa mga lugar na apektado ng giyera o gulo at sapilitang pagpapakasal o *forced marriage* (Minderoo Foundation, 2025).

Mapapansing may ginagawa naman ang gobyerno upang lutasin ang probelamang ito, subalit hindi pa rin ito tuluyang nasosolusyunan. Ilan ng administrasyon ang lumipas subalit ang bilang nito ay kakaunti lamang ang nababawas. Ayon sa

Manila Standard (2024), ang paglaban sa problemang ito at sa kahirapan ay pawang naging isang pasahan ng responsibilidad mula sa isang politiko tungo sa isa pa.

Sa mga impormasyong ito, tunay na masasabing ang isang kuwento ay may nais na ihayag sa mga reyalidad na pangyayari lalo na sa mga tauhang sumasalamin sa mga taong patuloy na lumalaban sa iba't ibang hamon upang ipagpatuloy ang buhay, maging puno man ito ng pighati o kasiyahan.

**Aling Bebang.** Ipinakikilala naman ng karakter na ito ang mga taong nasa hanay ng may mahirap na pamumuhay, ngunit sila ay palaging nakabantay sa kilos ng ibang tao, mga taong sumusulsol, gumagawa ng kuwento at kalimitang nagsisinungaling. Itinuturing na marites o tsismosa sa makabagong panahon na ang pokus ay pangyayari at buhay ng iba.

Sa kuwento ay mababasa ang linya ng sinabi ni Aling Bebang kay Adong na, *"pinaghahanapbuhay 'yan ng mga magulang para may maisugal…"* na kung saan hindi man ito totoo, ginawa niya ito upang kakaunti ang magbigay sa bata. Mayroon siyang ibang balakin kaya't ginawa niya ang panunulsol sa mga nagpapalimos o nagbibigay ng limos.

Sa kabilang banda, may mababasa namang linya sa kasunod na bahagi ng kuwento na ukol sa naging papel ni Aling Bebang upang bigyang-babala sa pagdating ni Bruno. *"Adong… ayun na si Bruno…"* at *"ano? Nalaloko ka na ba, Adong? Sasaktan ka ni Bruno. Nakita ka ni Bruno."* Mula sa mga linyang ito, mahihinuha rin sa reyalidad ng buhay na may mga maiingay, gumagawa ng kuwento o pagsisinungaling at pinagmumulan ng hindi pagkakaintindihan, subalit may mga pagkakataon ding sila ay nagpapakita ng malasakit, pagiging responsable at pagtulong (ABS-CBN News, 2020).

Sa pangkalahatan, sa lipunang Pilipino, may negatibo mang kilos at ugali na nauugat sa *crab mentality,* subalit masasabi lamang na kahit gaano man ito kalala, nauugat pa rin sa katotohanang may mga positibong ugali na nagpapaiba sa kanila at may natitira pa ring kabutihan lalo pa't ang mga Pilipino ay kilala sa ugaling matulungin, may pakikipagkapuwa at malapit sa isa't isa. Tunay na walang perpektong tao sapagkat kasabay ng negatibong kilos ay mayroon din itong positibong ugali.

**Bruno.** Inilalarawan at ipinakikita ng karakter na ito ang mga taong may kapangyarihan, malakas, nasa mataas na posisyon at ginagamit ang mga ito upang makapanamantala sa mga mahihina o mahihirap. Sa totoong nangyayari sa lipunan, hindi na ito maipagkakaila na kung sino pa ang may kakayahang tumulong, ang mga taong nakaaangat sa buhay at may kapangyarihan ay sila pa mismo ang ugat ng paghihirap at daing ng mga nasa mababang uri ng pamumuhay.

Batay sa kuwento ay inilarawan si Bruno bilang may malapad na katawan at namumutok ang mga bisig. Mga katangiang mabibigyang-pakahulugan bilang taong may kakayahan, may kapangyarihan at nakaaangat sa buhay. Sa Pilipinas ay talamak ang pananamantala ng mga nasa mataas na posisyon na kung saan ginagamit nila ito upang mapasunod at mamanipula ang mga mahihina o mahihirap.

Ang kapangyarihang ito ang ginagamit nila upang takutin o supilin ang mga taong nais ipaglaban ang karapatan ng iba, mga taong nagnanais ng pagbabago. Sa artikulong inilahad ni Mandap (2025) sa *The Philippine Collegian*, ang hakbang na ginawa ng isang ina upang isulong at ipagtanggol ang karapatan ng mga kapuwa niya mahihirap ay naging dahilan upang siya ay makaranas ng pagbabanta at pananakot ng mga nasa posisyon.

Sa kabuoan, masasabing dito ay pilit na pinatitikom ng mga makapangyarihan ang nais na magbunyag ng mahalagang impormasyon at pagbabago sa bayan. Malaki ang papel na ginampanan ng antas sa lipunan upang makuha at mapasunod ang nais.

**Mga Nagpapalimos.** Inilalarawan naman ng mga nagpapalimos o nagbibigay ng limos ang iba-ibang antas sa lipunan na kinabibilangan ng mga taong nagbibigay at hindi nagbibigay sa mga pulubi. Mahihinuhang may iilan sa kanila ay mga nakaaangat sa buhay at mayroon din namang mga mahihirap lamang. May ilang mga nakatataas ang antas sa lipunan na nagbibigay at mayroon din namang hindi. Nakadepende lamang sa kanilang paniniwala. Mayroon din namang nagbibigay ng limos na mahirap lamang at mayroon namang hindi. Isa pa, may mga nagbibigay rin na nandidiri at mayroon ding hindi naiilang o nangingimi.

Mula sa mga impormasyong ito, masisiyasat lamang na sa tunay na buhay ay mayroong iba't ibang rason ang nagbibigay ng limos batay sa kanilang paniniwala o disposyon at mayroon ding ibang lugar na may batas na bawal magbigay sa pulubi. Subalit, kalimitan sa mga taong nagbibigay ay mga nakaranas ng hirap at nakauunawa sa hirap ng buhay mismo.

Pinaniniwalaan ng karamihan na dapat sila ay magtrabaho at hindi umasa sa iba. Ito man ay may katuwiran, subalit hindi ito makakaya ng ganang sa kanila lamang dahil sa kalagayan ng Pilipinas kung saan hindi madali ang makahanap ng trabaho at may mataas pa na istandard, kadalasan sa kanila ay nahaharap sa matinding diskriminasyon. Sa katunayan, marami o halos lahat sa kanila ay may limitadong akses lamang sa oportunidad dahil sa kanilang antas ng pamumuhay (United Nations, 2025).

Ayon kay Figarola (2022), gobyerno ang dapat na gumawa ng hakbang upang tulungan silang makaahon, makapagsimula at matugunan ang kanilang pangangailangan sa pamamagitan ng paglalaan ng mga *sustainable* na inisyatibo at rehabilitasyon. Subalit sa pahayag ng direktor ng *Ibon Foundation* na si Sonny Africa, bigong matugunan ang paghihirap na nararanasan ng mga Pilipino lalo na sa usaping trabaho dahil mataas pa rin ang bilang ng mga walang trabaho sa bansa. Subalit, sa mga may trabaho ay hindi naman ito nakasasapat at masyadong maliit ang sahod upang tugunan ang pangangailangan dahil sa *minimum wage.*

**Pagsusuri sa Tunggalian sa Akda**

Sinuri din ng mga manunuri ang tunggaliang naganap sa kuwento upang ipakita ang kahihinatnan nito. Gamit ang teoryang markismo ay sinuri ang tunggalian sa akda. Makikita sa talahanayan 2.3 ang resulta ng pagsusuri.

**Talahanayan 2.3 Mga Tunggalian sa Akda**

| Mga Tunggalian | Kaugnayan sa Totoong Buhay |
|---|---|
| 1. **Adong laban kay Bruno** | Tunggalian sa pagitan ng mas mababang antas ng pamumuhay at ng mas nakatataas na antas sa lipunan. Isang labanan sa pagitan ng may kapangyarihan at ordinaryong tao. |
| 2. **Adong laban sa kanyang sarili** | Isang labanan sa pagitan ng sariling paniniwala, pangangailangan at pagnanais na mabuhay laban sa dikta at presyur ng lipunan. |

**Adong laban kay Bruno.** Mapapansin na ang kuwento ay mas nakasentro sa hirap na pinagdaanan ni Adong sa impluwensiya at kontrol ni Bruno sa kanyang buhay. Malaking bahagi rin sa akda ay pinag-usapan ang tungkol sa labanan sa pagitan nina Adong at Bruno. Dito ay masasabing dahil sa kayang gawin ni Bruno ay naging takot si Adong at namulat siya sa kalupitang ipinakita ni Bruno. Siya man ay may pagnanais na lumaban, tumakas at lumayo, subalit siya ay nakulong pa rin sa bangis ni Bruno.

Sa kaugnayan nito sa tunay na buhay sa lipunang Pilipino, mahihinuhang si Adong ay sumasagisag sa mga taong kabilang sa mga mahihirap na nagnanais na umunlad at makaalpas, subalit patuloy pa ring nasasadlak sa hirap na kinamulatan. Habang si Bruno naman ay perpektong larawan ng mga taong nasa mataas na katayuan at may kakayahan, subalit mapagsamantala sa mga mahihina.

Ang tunggaliang ito ay tunay na mukha ng tunggalian sa pagitan ng mas malakas at mahina, mayaman at mahirap, may kapangyarihan at wala, na kung saan palaging nananaig ang mga nakatataas dahil sa kanilang kakayahan, kapangyarihan at impluwensiya. Kaya, sa huling bahagi ng akda ay inilarawan ang nangyari kay Adong na hindi na niya naramdaman ang kabangisan sa kapayapaang biglang kumandong sa kaniya. Isang pangyayaring masasabing nakalulungkot para sa isang nagnanais na makamit ang ganda ng pamumuhay at makaiwas sa kalupitan ng mundo.

**Adong laban sa kanyang Sarili.** *"… nakadama siya ng kung anong bagay na apoy sa kaniyang kalooban … hanggang sa ngayon ay naroon pa't waring umuuntag sa kaniya na gumawa ng isang marahas na bagay."* Isa sa mga tunggaliang makikita sa kuwento kung saan mababasa ang nasabing bahaging nakaisip na lumayo, maghimagsik at ilaban ang sarili ni Adong upang iwasan na ang kinamulatang hirap sa ilalim ng impluwensiya ni Bruno.

Sa unang bahagi ng kuwento ay pinairal niya ang takot sa kanyang sarili, ang takot na gamitin ang nalimosang pera upang pawiin ang gutom, subalit sa huli ay nanaig pa rin sa kanya ang pagnanais na makalaya at makalayo sa kalupitang dala ni Bruno. Sa reyalidad ng buhay, may mga pagkakataong nagagawa ng isang tao ang partikular na bagay dahil sa iba't ibang rason at dahilan.

Ayon pa sa artikulo ni Kubala (2024), nagagawa ng isang tao ang isang bagay hindi dahil sa kanyang masamang intensiyon, kundi dahil sa maraming salik na nakaimpluwensiya sa kaniya upang gawin ang gayon tulad na lamang ng mga salik na takot na dala ng *trauma,* pagnanais na mabuhay ng maayos, pagtugon sa pangunahing pangangailangan, pag-iisip sa kabutihang dala ng desisyon at iba pang mapakikinabangan ng sarili.

Kaya, hindi maiwawala ang katotohanang sa buhay sa mundong ibabaw, may mga pagkakataong dahil sa matinding pangangailangan at pagnanais na makaalpas sa sitwasyon ay napipilitang makagawa ng mga bagay na labag sa kaniyang kagustuhan.

**Pagsusuri sa mga Simbolismo sa Akda**

Pinakahuling sinuri ng mga manunuri ang mga simbolismong mababasa sa akda kung saan makatutulong ito upang mas maunawaan at mapalutang ang ibang mga nais ikintal sa mambabasa sa pamamagitan ng paggamit ng mga simbolismo. Gamit ang teoryang imahismo ay nasuri ang paggamit ng manunulat ng mga simbolismong bagay o mga salita upang bigyang-diin ang katotohanan sa lipunang Pilipino. Makikita sa talahanayan 2.4 ang resulta ng pagsusuring ito.

**Talahanayan 2.4 Mga Simbolismo sa Akda**

| Mga Simbolismo | Kahulugan |
|---|---|
| 1. **Simbahan** | Simbolo ng kanlungan para sa mga taong walang tirahan. |
| 2. **12 taong gulang** | Simbolo ng edad na nakararanas ng matinding paghihirap. |
| 3. **Apoy sa kalooban** | Simbolo ng liberal na pag-iisip, kamalayang ipaglaban ang sariling karapatan at pagnanais na umahon sa kinasadlakang hirap. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 9| September 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| 4. | **Patak ng ulan sa malaking bitak ng lupa** | Simbolo ng mga paghihirap sa lipunang ginagalawan. |
| 5. | **Lukbutan, barya, maruming palad, pangangalam ng sikmura** | Simbolo ng kahirapang kinahaharap ng mga taong kabilang sa mababang antas sa lipunan |
| 6. | **Quiapo, nagtatayugang gusali, nagtitinda ng ticket ng suwipistek, kandila, ugat ng punongkahoy at halaman** | Simbolo ng maunlad at sentro ng lugar na abalang-abala sa iba't ibang paghahanapbuhay at nagsisilbing mabangis na lungsod para sa mga piniling makipagsapalaran dito |

**Simbahan.** Mababasa ang bahagi sa kuwento, *"... sapagkat ang simbahan ay buhay ni Adong..."* na kung saan masusuri na si Adong ay doon namamalagi sa simbahan at iba pa tulad ni Aling Ebeng sapagkat kahit na kakaunti man ang nagbibigay sa kanila roon ng limos, ang pinakamahalaga ay mayroon pa ring nagbibigay para may maipangkain sila. Ito ang nagsilbi nilang kanlungan upang matustusan ang kani-kanilang mga pangangailangan.

Sa reyalidad ng buhay, ito rin ay isang katotohanan sapagkat halos karamihan ng mga pulubi at walang tirahan ay sa simbahan namamalagi lalo pa't may mga matapos magsimba ay nagbibigay ng limos sa mga ito at ang komunidad ay nagbibigay ng kahalagahan sa mga tulad nila na naroon. Kahit hindi sa mga laman ng lansangan ay sa simbahan din ang unang pinupuntahan lalo na sa panahon ng kalamidad.

Ayon sa post sa sosyal midya ng *diocese* ng Novaliches sa Quezon, ang mga simbahan ay nagbibigay ng mas ligtas na tahanan at agad na nakatutugon sa pangunahing pangangailangan ng mga apektado ng iba't ibang kalamidad (Samson, 2024). Kaya, masasabi lamang na isa ito sa mga rason kung bakit nagiging kanlungan ang mga simbahan.

Sa kabilang banda, may mga simbahan din kasing bukas ang pintuan para sa mga walang matutuluyan. Isang kilalang pasilidad sa Maynila ang Arnold Janssen Kalinga Center na nagbibigay-kanlungan sa mga walang tirahan at mga nanunuluyan lamang sa lansangan (Licas News, 2022). Isa pa, matatandaan ding isa sa mga aktibong organisasyon sa pagtulong sa mga mahihirap at walang tahanan ang mga alagad ng simbahan. Kilala sa bansa ang Caritas Manila na unang nakilala bilang *Catholic Charities* na naitatag noong Oktubre 1, 1953 ng dating Arsobispo ng Maynila na si Kardinal Rufino Santos. Ito ay may layuning magbigay-tulong sa mga mahihirap sa komunidad, tumulong sa iba't ibang pangangailangan at ilapit ang Panginoon sa gitna ng kanilang mga paghihirap at pighati sa buhay (Caritas Manila, 2022).

Kaya, hindi maipagkakailang isa sa mga lugar na kalimitang pinupuntahan at ginagawang kanlungan ng mga walang tahanan ay mga simbahan. Ayon pa kay Quinichett (2024), hindi lamang ito dahil sa mga tulong at suportang naibibigay sa kanila tulad ng ekonomikong pag-unlad, tulong sa pag-aaral at iba pa, kundi maging sa ispirituwal na epekto sa komunidad ng mga lumalapit sa Panginoon bilang isa itong pangunahing lugar-sambahan ng patuloy na lumalaking pamilya ng mananampalataya.

**12 Taong Gulang.** Mula sa simbolismong ito ng karakter ng isang batang nasa 12 taong gulang ay sumasalamin sa malungkot na katotohanan sa lipunang Pilipino na ang karaniwang biktima ng karahasan at kalupitan ng mundo ay kabataan. Sa katunayan, ayon sa pahayag ng Opisina ng Pampublikong Impormasyon ng Korte Suprema o *Supreme Court Public Information Office*, mga bata ang itinuturing na pinaka-vulnerable sa lahat ng miyembro sa lipunan sapagkat sa murang edad nila ay madali silang takutin gamit ang dahas (The Supreme Court of the Philippines, 2023).

Hindi na ito bago lalo pa't kahit sa sapilitang pagtatrabaho at iba pang uri ng karahasan, kabataan ang isa sa may pinakamalaking bilang ng mga biktima. Sa tala, sa mga lugar ng Kanlurang Pasipiko sa Asya o *Asia's Western Pacific*, Pilipinas ang may pinakamalaking bilang ng populasyong may biktima ng *human trafficking* sa kasalukuyang panahon na tinatayang aabot sa 784, 000 at mataas sa bilang na ito ang mga bata sa rural na komunidad. Sa kabuoang bilang na ito, tinatayang 50, 000 ang biktimang Pilipinong kabataan at 5, 000 dito ay may edad na mas mababa pa sa 15 taong gulang (McGeough, 2022).

**Apoy sa Kalooban.** Mula sa kuwento, masusuri na ang simbolismong apoy sa kalooban ay isang ideyang nabuo sa murang isipan ni Adong na tumakas at lumayo sa kanyang namulatang karahasan sa kamay ni Bruno. Ito ang nagbigay ng pinal na desisyon kay Adong upang huwag matakot na tugunan ang kanyang nararamdamang gutom at hindi na magpakita pa kay Bruno upang hindi ibigay ang nalimosang barya. Sa ilang ulit na mapait niyang karanasan, nagdilig ito ng mapanghamong pagpapasya na bumago sa kabanata ng buhay ni Adong.

Tulad sa reyalidad ng buhay, kalimitang ang matinding sitwasyon ang nagtutulak sa tao na makaisip ng paraan upang makaalpas sa dinaranas na hirap, maging mabuti at maayos man ang resulta ng desisyon o hindi. Tunay na nakaiisip at nakagagawa ang isang tao ng mga aksiyong hindi inaasahan sa kanya, hindi dahil sa siya ay likas na masama, kundi dahil sa iba't ibang salik na dala ng lipunan, presyur ng sitwasyon, pangangailangang dapat matugunan at pansariling desisyon (James, 2021).

**Patak ng Ulan sa Malaking Bitak ng Lupa.** Mapapansin sa kuwento na iba't ibang pangyayari ang hinarap ni Adong mula sa mga taong malalamig ang mukha na hindi nagbibigay sa kanya tungo sa untag ni Aling Ebeng sa kanya na pinagtatrabaho lamang siya ng kanyang mga magulang

hanggang sa pagnanais niyang tumakas sa kabangisan ni Bruno kung saan siya ay binugbog nito.

Mula rito, ang simbolismong ito ay sumasagisag sa mga pagsubok at paghihirap na nararanasan ng mga taong may iba't ibang antas sa lipunan, lalong-lalo na ng mga kabilang sa mahihirap na antas. Ito ang mga pagsubok na sumusuri sa katatagan, paniniwala at desisyon ng tao. Ayon kay Brodovicz (2024), kung titingnan sa positibong perspektibo, ang mga pagsubok na ito ay makatutulong sa tao upang magkaroon ng mas malawak na pag-unawa sa buhay, magkaroon ng oportunidad na umunlad ang personal at propesyunal na aspekto at makabubuo rin ito ng bagong bersyon ng sarili.
Sa kabilang banda, ang pagsubok na ito ay nagdudulot man ng iba't ibang reaksyon at pag-uugali, subalit ang pagharap sa mga ito nang may mataas na tiwala sa sarili, pag-unawa sa kahalagahan nito bilang bahagi sa mundong ibabaw at may kagalakan sa paglutas sa mga ito ay mag-uugat ng positibong sikolohiyang tugon sa kalikasan ng mga hamon sa buhay (Horikoshi, 2023).

**Lukbutan, Barya, Maruming Palad, Pangangalam ng Sikmura.** Ang mga simbolismong ito na ginamit ng may-akda ay sumasagisag sa kahirapang nararanasan ng mga kabilang sa mababang antas sa lipunan. Mula sa kahirapang ito ay nag-uugat ng gutom sa kanila sapagkat hindi nila matugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan.

Lantad na lantad sa akda ang mga kahirapan at gutom na naranasan ng pangunahing tauhan na si Adong sapagkat mababasa sa linyang humihingi ng limos upang siya ay makakain.

*"babalang ipinararamdam ng pangangalam ng kanyang sikmura…" at "palimos na po, ale… hindi pa po ako nananananghalian!"*

Dito ay masasabing matindi ang pangangailangan sa pagkain dahil sa gutom na nararamdaman. Sa reyalidad ng buhay sa lipunang Pilipino, hindi na ito maitatago sapagkat nananatili pa rin ang Pilipinas na isa sa mga pinakamahirap na bansa sa buong mundo. Sa katunayan, sa pinakabagong sarbey na isinagawa ng *Social Weather Station and Stratbase* mula Marso 15-20, 2025, natuklasan na may 27.7 porsiyentong kabahayan o katumbas ng bilang na aabot sa 7.5 milyong pamilya ang nakararanas ng gutom. Kahirapan pa rin ang nananatiling pangunahing sanhi ng malawakang gutom sa bansa. Pinalala pa ito ng komplikadong politika at korapsiyon (Denya, 2025).

Sa pagdaragdag, ayon sa Hunger Free Philippines (2023), ang kahirapan at kagutuman ay magkaugnay na pagsubok na nagwawasak sa maraming komunidad sa Pilipinas lalo na sa pamilyang Pilipinong namumuhay na mas mababa pa sa *national poverty line*. Gumagawa man ng iba't ibang hakbang ang gobyerno upang matugunan ang problemang ito, subalit hindi pa rin nito tuluyang masolusyunan dahil sa iba't ibang salik na nakaaapekto tulad na lamang ng kakulangan sa trabaho at mababang pasuweldo, dagdagan pa ng mataas na mga bilihin (IBON Foundation, 2024).

**Quiapo, Nagtatayugang Gusali, Nagtitinda ng Ticket ng Suwipistek, Kandila, Ugat ng Punongkahoy at Halaman.** Masusuri na ang mga simbolismong ito na ginamit ng manunulat ay nais niyang ikintal ang katotohanang sa mga lugar na mauunlad, sentro at malaking lungsod ay pilit na nakikipagsapalaran ang mga kapos at mga naghahanapbuhay. Kaya, hindi rin maipagkakaila kung bakit maraming mga naninirahan sa lansangan at pulubi ang namamalagi sa mga lugar na ito lalo pa't umaasa silang maraming oportunidad ang kanilang makukuha at matutugunan ang kanilang mga pangangailangan kahit papaano.

Ayon kay Batterham (2023) sa kanyang sarbey, ipinapalagay ng karamihan sa mga kalahok na ang pamamalagi sa sentro at malalaking lungsod ay nagbibigay ng maraming adbentahe sa kanila sapagkat ito ang konsentrasyon ng mga serbisyo na tinatawag namang *magnet* o *honeypot effect*. Dito ay ginagamit nila ang mga kabutihang dala ng mabilis na palitan ng mga serbisyo sa sentro ng lungsod at kabutihan ng mga residente.

Sa pagdaragdag, ayon naman kina Klontz at Demerice (2016), sa bagong nasyonal na pag-aaral sa Amerika, 75 porsiyento ng mga walang tahanan ang pinipili pa ring manirahan sa mga lungsod dahil sa mga rasong tulad ng mataas na pagkakataong makahanap ng trabaho, matutuluyang gaya ng simbahan at mga *charity buildings*, serbisyong medikal at mataas na kalidad ng buhay.

## 4. LAGOM NG MGA NATUKLASAN AT KONKLUSYON

Batay sa naging pagsusuri at diskusyon ng mga manunuri sa akdang "Ang Mabangis na Lungsod" ni Efren R. Abueg, resulta nito ay nagpapakita ng iba't ibang mga isyung panlipunang masasalamin sa lipunang Pilipino. Kalakip sa mga laganap na isyung ito ay karahasan sa kabataan, diskriminasyon, kahirapan at gutom, kapabayaan ng magulang at kasinungalingan. Ang mga isyung ito na nasuri matapos ang malalimang kritika sa akda na nagpapakita ng patuloy na pangangailangan at mataas na atensyong dapat ituon upang masolusyunan ang mga ito. Sa pagdaragdag, sa pagsusuri ng mga elemento ng akda tulad ng tema, tauhan, tunggalian at simbolismo, natuklasan na nagtataglay ito ng iba't ibang mahahalagang impormasyong may kaugnayan sa isyung panlipunan sa lipunang Pilipino na nagawang maitago ng manunulat gamit ang mga elementong ito sa akda. Una, sa elemento ng tema, nahinuhang ito ay umiikot sa mga suliraning panlipunang may kinalaman sa kahirapan bilang ugat ng kagutuman, diskriminasyon at karahasan sa kabataan. Sunod naman, sa elemento ng tauhan ay nagpapakita ito ng iba't ibang antas na pinanggalingan sa lipunang Pilipino at paano nila pinangasiwaan ang mga isyung panlipunan. Si Adong, Aling Ebeng, Bruno at mga nagpapalimos o nagbibigay ng limos ay larawan ng mga taong kabilang sa lipunang ginagalawan at nagmula sa iba't ibang antas sa lipunan. Sa kabilang banda, sa elemento ng tunggalian naman ay nabigyang-pakahulugan na ang tunggalian sa pagitan nina Adong at Bruno, at tunggalian sa pagitan ni Adong at ng kanyang sarili ay pinakaperpektong larawan ng labanan sa ginta ng iba't ibang mga isyung panlipunan at ano ang naging resulta nito sa huli. Sinuri din ng mga manunuri ang elemento ng simbolismo kung saan ang kagamitan at ilang salita ay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 9| September 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

nagpapakita ng mga tagong katotohanan sa likod ng mga ito na konektado sa iba't ibang isyung panlipunang laganap sa bansa.

### 4.1 Rekomendasyon

Magsagawa pa ng mas maraming mga pagsusuri sa iba't ibang akdang pampanitikan upang masuri ang iba pang mga isyung panlipunang nais ikintal sa akda ng mga manunulat. Palaganapin ng kaguruan ang kultura ng pagsusuri sa mga akdang pampanitikan at ituro ang praktika, sining at pamaraan sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan hindi lamang sa kolehiyo kundi pati na rin sa *senior high school* upang mapadali ang pagsusuri nito na makatutulong sa pagyabong pa ng maraming mga kritika sa akda. Sa mga politiko na sa pamahalaan, magkaroon ng mas malawak na oportunidad at rehabilitasyon sa mga taong kabilang sa mga mahihirap, mga walang tahanan at mga pulubi. Magkaroon din ng *sustainable*, malinaw at konkretong hakbang upang tugunan ang mga laganap na isyung panlipunan sa Pilipinas lalo na ang kahirapan, gutom, karahasan sa kabataan at diskriminasyon. Isa pa, lagyan ng pangil at maayos na implementasyon ang mga batas na nangangalaga sa kabataan laban sa karahasan at diskriminasyon. Sa ahensiyang nakatuon sa pagsulong ng maayos na pamilya, turuan ng mga pamamaraan ang mga magulang upang maging responsable sa pagpapalaki ng kanilang mga anak. Sa Departamento ng Edukasyon, palakasin ang pagtuturo sa *Good Manners and Right conduct* (GMRC) upang matulungan ang mga mag-aaral na lumaki nang may malasakit sa iba na walang pagtatangi o diskriminasyon batay sa pisikal na katangian at antas ng pamumuhay.

## SANGGUNIAN


1. *1 in 4 children globally live in severe child food poverty due to inequity, conflict, and climate crises – UNICEF. (2024, Hunyo 6). Kinuha mula sa UNICEF Philippines: https://www.unicef.org/philippines/press-releases/1-4-children-globally-live-severe-child-food-poverty-due-inequity-conflict-and#:~:text=Nearly%20half%20(46%20per%20cent,fewer%20food%20groups%20per%20day.*
2. *16 biggest social issues that lead to social injustices. (2025, Enero 13). Kinuha mula sa Yeshiva University: https://online.yu.edu/wurzweiler/blog/16-biggest-social-issues-that-lead-to-social-injustices*
3. *Are parents legally responsible for their children's actions in the Philippines? (2025, Pebrero 14). Kinuha mula sa Respicio Law: https://www.respicio.ph/commentaries/are-parents-legally-responsible-for-their-childrens-actions-in-the-philippines*
4. *Bahit, A. F. (2023, Marso 31). 2021 poverty incidence among basic sectors in CAR. Kinuha mula sa Philippine Statistics Authority: https://rssocar.psa.gov.ph/poverty/node/56880*
5. *Banao, L. D. (2022, July). Realistic analysis of Jose Rizal's patriotic poetry . International Journal of Arts, Sciences and Education , 3, 67-80. Kinuha mula sa https://www.mail.ijase.org/index.php/ijase/article/download/160/125/459*
6. *Batterham, D. (2023, Hunyo 7). Myth busting: Do people experiencing homelessness gravitate to cities? Kinuha mula sa Launch Housing: https://www.launchhousing.org.au/myth-busting-do-people-experiencing-homelessness-gravitate-to-cities/*
7. *Belvez, P. M., Iliscupidez, P. P., Roberto, R. R., Pleno, N. F., Atienza, S. S. (2006). Panitikan ng lahi. Sampaloc, Manila: Rex Book Store, Inc.*
8. *Bonajos, R. (2025). Socioeconomic issues in the Philippines. Kinuha mula sa Scribd.com: https://www.scribd.com/document/510757440/Socioeconomic-Issues-in-the-Philippines#:~:text=in%20The%20Philippines-,The%20document%20summarizes%2010%20socioeconomic%20problems%20in%20the%20Philippines%3A%201,access%20to%20education%20for%20poor*
9. *Brodowicz, M. (2024, Hunyo 7). The importance of overcoming challenges in personal and professional growth. Kinuha mula sa Aithor: https://aithor.com/essay-examples/the-importance-of-overcoming-challenges-in-personal-and-professional-growth*
10. *Brown, C. L., Yilanli, M. & Rabbitt, A. L. (2023, Mayo 29). Child physical abuse and neglect. Kinuha mula sa National Library of Medicine: https://www.ncbi.nlm.nih.gov/books/NBK470337/#:~:text=Approximately%201%20in%204%20children,have%20experienced%20abuse%20and%20neglect.*
11. *Capillo, E. (2025). Realismo. Kinuha mula sa Slideshare.net: https://www.slideshare.net/slideshow/realismoppt/255756171*
12. *Caritas Manila charity works. (2022). Kinuha mula sa Caritas Manila: https://caritasmanila.org.ph/#:~:text=Caritas%20Manila%20is%20a%20non,Catholic%20Church%20in%20the%20Philippines.&text=The%20organization%20is%20geared%20towards,with%20a%20strong%20social%20conscience.*
13. *Child labour in the Philippines. (2025). Kinuha mula sa International Labour Organization: https://www.ilo.org/regions-and-countries/asia-and-pacific/philippines/areas-work/child-labour-philippines*
14. *Chiranjeevi, M. (2023, Hunyo). Examining the role of literature in social movements literature as a catalyst for change and activism. International Journal of Innovative Science and Research Technology, 8(6), 644-647. Kinuha mula sa https://ijisrt.com/assets/upload/files/IJISRT23JUN1630.pdf*
15. *Chua, J. (2020, Nobyembre 30). How Efren R. Abueg has inspired a generation of Filipino fictionists. Kinuha mula sa Manila Bulletin: https://mb.com.ph/2020/11/30/how-efren-r-abueg-has-inspired-a-generation-of-filipino-fictionists*
16. *Church's shelter for homeless in Manila reopens after pandemic, police lockdown. (2022, Hulyo 19). Kinuha mula sa Licas News: https://www.licas.news/2022/07/19/churchs-shelter-for-homeless-in-manila-reopens-after-pandemic-police-lockdown/*
17. *Content analysis. (2025). Kinuha mula sa Columbia Mailman School of Public Health: https://www.publichealth.columbia.edu/research/population-health-methods/content-analysis?fbclid=IwY2xjawLh8YJleHRuA2FlbQIxMABicmlkETFXMFJKdGZBRXoyQTcyWmQyAR5Tw9smWilunXORcauTgxySfHrACPz7WVLCL9k-b-29iykSWK_QnZaqgGn-KA_aem_8kZ8iiJ60OLc04sQnfFp6A*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 9| September 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

18. *del Campo, M. M. & Vigil, J. (2023, Nobyembre 21). Literary elements lessons. Kinuha mula sa Study.com: https://study.com/academy/lesson/literary-elements-definition-types-examples.html#:~:text=Literary%20elements%20can%20be%20used,the%20author%20is%20wrestling%20with.*
19. *Denya, T. S. (2025, Abril 14). Philippines faces deepening food crisis. Kinuha mula sa Development Aid: https://www.developmentaid.org/news-stream/post/194100/philippines-food-crisis*
20. *Discrimination. (2025). Kinuha mula sa Amnesty Philippines: https://www.amnesty.org.ph/campaigns/discrimination/*
21. *Editoryal — Bantayan ang mga kabataan na nasasangkot sa karahasan. (2025, Abril 16). Kinuha mula sa PhilStar: https://www.philstar.com/pang-masa/punto-mo/2025/04/16/2436462/editoryal-bantayan-ang-mga-kabataan-na-nasasangkot-sa-karahasan*
22. *Ending hunger. (2023). Kinuha mula sa Hunger Free Philippines: https://hungerfreephilippines.org/hunger-poverty/#:~:text=Poverty%20is%20a%20significant%20driver,Sources*
23. *Exploiting poverty. (2024, Oktubre 10). Kinuha mula sa Manila Standard: https://manilastandard.net/opinion/editorial/314508648/exploiting-poverty.html*
24. *Figarola, J. M. (2022, Nobyembre 11). Pamahalaan, bigong tugunan ang pangangailangan ng mga mahihirap-Ibon Foundation. Kinuha mula sa Veritas Philippines: https://www.veritasph.net/pamahalaan-bigong-tugunan-ang-pangangailangan-ng-mga-mahihirap-ibon-foundation/*
25. *Filipenco, D. (2025, Mayo 11). The biggest social issues that affect modern society. Kinuha mula sa Development Aid: https://www.developmentaid.org/news-stream/post/173559/social-issues-that-affect-modern-society*
26. *Getting to the root of poverty: The relationship between poverty and discrimination. (2025). Kinuha mula sa The Borgen Project: https://borgenproject.org/getting-to-the-root-of-poverty/#:~:text=Discrimination%20is%20One%20of%20The%20Primary%20Causes%20of%20Poverty&text=However%2C%20various%20forms%20of%20discrimination,addressing%20social%20inequalities%20and%20marginalization.*
27. *Horikoshi, K. (2023, Enero 13). The positive psychology of challenge: Towards interdisciplinary studies of activities and processes involving challenges. Kinuha mula sa Frontiers in Psychology: https://pmc.ncbi.nlm.nih.gov/articles/PMC9891132/*
28. *How dishonesty affects you? (2025). Kinuha mula sa Jehovah's Witnesses: https://www.jw.org/en/library/magazines/watchtower-no1-2016-january/consequences-of-dishonesty/*
29. *Hunger rise, extensive poverty debunks jobs improvement hype – IBON. (2024, Mayo 8). Kinuha mula sa IBON Foundation: https://www.ibon.org/hunger-rise-extensive-poverty-debunks-jobs-improvement-hype-ibon/#:~:text=The%20poor%20jobs%20situation%20of,33.8%20million%20from%2031.3%20million.*
30. *In PH, stubborn gaps persist in income, gender, economic status. (2024, Oktubre 31). Kinuha mula sa Philippine Daily Inquirer: https://globalnation.inquirer.net/254037/in-ph-stubborn-gaps-persist-in-income-gender-economic-status*
31. *Jamatia, P. L. (2022, Nobyembre). The role of youth in combating social inequality: Empowering the next generation. Journal of Language and Linguistics in Society , 2(6), 11-20. doi:https://doi.org/10.55529/jlls.26.11.20*
32. *James, N. (2021, Nobyembre 6). Who has a moral responsibility in our society? Kinuha mula sa Medium: https://medium.com/be-unique/who-has-a-moral-responsibility-in-our-society-788aeaebfca0*
33. *Klontz, D. & Demerice, N. (2016, Disyembre 8). Homelessness myths and facts. Kinuha mula sa Department of Commerce: https://www.commerce.wa.gov/wp-content/uploads/2016/12/hau-chg-mythsfacts-12-8-2016.pdf*
34. *Kubala, K. (2024, Enero 18). Why do good people do bad things? Kinuha mula sa Psych Central: https://psychcentral.com/health/reasons-why-good-people-do-bad-things#causes*
35. *Kulik, R. M. (2025, Abril 21). Social issue. Kinuha mula sa Britannica Encyclopedia: https://www.britannica.com/topic/education/Athens*
36. *Lu, B. J. (2024, Hunyo 17). Stop violence against children. Kinuha mula sa Philippine News Agency: https://www.pna.gov.ph/opinion/pieces/893-stop-violence-against-children*
37. *Mandap, F. (2025, Agosto 4). Ang hindi mapipiit na paglaban ni Poleng Banjawan para sa mga kapwa maralita. Kinuha mula sa The Philippine Collegian: https://phkule.org/article/1640/ang-hindi-mapipiit-na-paglaban-ni-poleng-banjawan-para-sa-mga-kapwa-maralita*
38. *Maquiling, K. R. (2025). Teoryang markismo. Kinuha mula sa PDFCOFFEE.com: https://pdfcoffee.com/teoryang-marxismo-10-pdf-free.html*
39. *McGeough, S. (2022, Marso 15). Human trafficking in the Philippines. Kinuha mula sa The Exodus Road: https://theexodusroad.com/human-trafficking-in-the-philippines/*
40. *Modern slavery in the Philippines and key findings. (2025). Kinuha mula sa Minderoo Foundation: https://www.walkfree.org/global-slavery-index/country-studies/the-philippines/*
41. *Monde, J. (2022, Pebrero 10). Efren Abueg biography – Life story and achievements of writer. Kinuha mula sa Philippines News: https://philnews.ph/2022/02/10/efren-abueg-biography-life-story-achievements-writer/*
42. *National baseline study on violence against children in the Philippines. (2016, Oktubre). Kinuha mula sa Council for the Welfare of Children: https://www.unicef.org/philippines/reports/national-baseline-study-violence-against-children-philippines*
43. *Noorani, S. (2016). Child protection. Kinuha mula sa UNICEF Philippines: https://www.unicef.org/philippines/child-protection#:~:text=The%20current%20state,gaps%2C%20and%20unclear%20accountability%20frameworks.*
44. *Paano pakitunguhan ang 'maingay, tsismosang' kapitbahay? (2020, Enero 10). Kinuha mula sa ABS-CBN News: https://www.abs-cbn.com/life/01/10/20/paano-pakitunguhan-ang-maingay-tsismosang-kapitbahay*
45. *Palacio, F. (2013). Addressing discrimination against people living in poverty. Kinuha mula sa United Nations:*

*https://www.un.org/esa/socdev/egms/docs/2013/EmpowermentPolicies/Fabio%20Palacio%20presentation.pdf*

46. *People living in poverty. (2025). Kinuha mula sa United Nations: https://www.un.org/en/fight-racism/vulnerable-groups/people-living-in-poverty#:~:text=Links-,Background,Multidimensional%20poverty%20and%20COVID%2D19*
47. *Peters, G. (2018, Hulyo). Chapter 2: The problem of policy problems. Elgar Online, 35-59. doi:https://doi.org/10.4337/9781786431356.00007*
48. *Philippines 2024. (2025). Kinuha mula sa Amnesty International: https://www.amnesty.org/en/location/asia-and-the-pacific/south-east-asia-and-the-pacific/philippines/report-philippines/*
49. *Quinichett, C. (2024, Setyembre 11). The positive impact of churches on economic development. Kinuha mula sa Camoin Associates: https://camoinassociates.com/resources/churches-and-economic-development/#:~:text=With%20roots%20firmly%20planted%20in,housing%20on%20church%2Downed%20property*
50. *Ramiscal, J. (2025). Teoryang pampanitikan. Kinuha mula sa Slideshare.net https://www.slideshare.net/slideshow/teoryang-pampanitikan-36668892/36668892*
51. *Samson, O. (2024, Hulyo 24). Philippine churches offer temporary shelters to residents displaced by floods. Kinuha mula sa Radio Veritas Asia: https://www.rvasia.org/asian-news/philippine-churches-offer-temporary-shelters-residents-displaced-floods#:~:text=Dozens%20of%20people%20sought%20refuge%20in%20several,social%20media%20post%20on%20the%20same%20day.*
52. *Solving hunger starts with global poverty. (2025). Kinuha mula sa The Hunger Project: https://thp.org/what-we-do/issues/poverty/*
53. *Stewart, R. & Kelly, M. (2025). Social issues: Definition, causes & examples. Kinuha mula sa Study.com: https://study.com/academy/lesson/video/social-issues-definition-examples.html#:~:text=What%20are%20Social%20Issues?,citizens%20and/or%20community%20resources.*
54. *Supreme Court clarifies Section 10(a) of child abuse law. (2023, Agosto 11). Kinuha mula sa The Supreme Court of the Philippines: https://sc.judiciary.gov.ph/supreme-court-clarifies-section-10a-of-child-abuse-law/#:~:text=%E2%80%9C%5BC%5Dhildren%2C%20recognized,Supreme%20Court%20Public%20Information%20Office)*
55. *Umali, G. M. (2025). Teoryang imahismo. Kinuha mula sa Scribd.com: https://www.scribd.com/document/471788968/TEORYANG-IMAHISMO#:~:text=Ang%20teoryang%20imahismo%20ay%20nagbibigay,hanay%20ng%20salita%20at%20simbolismo.*
56. *United Nations webinar on poverty-based discrimination. (2022, Pebrero 3). Kinuha mula sa All Together in Dignity Fourth World: https://www.atd-fourthworld.org/overcoming-poverty-based-discrimination/#:~:text=Poverty%20is%20not%20about%20income,socio%2Deconomic%20disadvantage/poverty?*
57. *Why study literature. (2025). Kinuha mula sa Gustavus Adolphus College: https://gustavus.edu/academics/departments/english/whystudyliterature.php#:~:text=Literature%20helps%20us%20better%20understand,world%2C%20these%20skills%20matter%20deeply.*
58. *Wilson, M. & Wilson, N. (2024, June). Role of literature in shaping social consciousness. International Journal for Multidisciplinary Research (IJFMR), 6(3), 1-6. Kinuha mula sa https://www.ijfmr.com/papers/2024/3/22571.pdf*
59. *World report 2025: Philippines. (2025). Kinuha mula sa Human Rights Watch: https://www.hrw.org/world-report/2025/country-chapters/philippines#:~:text=Extrajudicial%20killings%2C%20often%20perpetrated%20by,detained%20for%20nearly%20seven%20years.*